

PAGGAMIT NG MULTILINGGWAL BILANG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO

Elimar P. Oliver¹; Maria Lourdes G. Eguia²; Perfecto M. Lopez³

Graduate School, Baguio Central University, Baguio City 2600, Cordillera Administrative Region, Philippines

Oliver@gmail.com; marialourdesgeguia@gmail.com

Corresponding Author: Perfecto M. Lopez, perfecto_lopez@yahoo.com

DOI: 10.47760/cognizance.2025.v05i01.003

Abstrak: Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay alamin at suriin ang pagkaepektibo sa pagkatuto ng mga mag-aaral gamit ang multilinggwal bilang etratehiya sa pagtuturo ng mga guro upang makatulong sa mga kapwa guro at mag-aaral ang kinalabasan ng pag-aaral na ito at matulungan ang kakayahang pagganap sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang deskriptibo at kwantitatibong pamamaraan ang ginamit ng mananaliksik upang malaman ang epektibong Paggamit ng Multilinggwal Bilang Estratehiya sa Pagtuturo. Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa mga piling pampublikong paaralan ng Itogon I na nabibilang sa Distrito I sa taong panuruan 2024-2025. Ang napiling tagatugon sa pag-aaral ay ang apatnapu (40) na mga guro na nagtuturo sa elementarya sa Itogon I, Benguet, Pilipinas sapagkat sila ay kabilang sa multilinggwal na pamayanan (Iloko at Kankana-ey). Ang sumusunod ang kinalabasan ng pag-aaral: Ang Napakadulas ng Paggamit ng Multilinggwal bilang etratehiya sa pagtuturo ng mga guro ay mabilis na nauunawaan ng mga mag-aaral ang paksang aralin na nagbunsod sa suliranin sa pagganap sa pagpapahayag ng mga mag-aaral gamit ang wikang Filipino; Ang paggamit ng multilinggwal bilang etratehiya sa pagtuturo ng mga guro ay epektibo sa pagbibigay ng panuto ng mga guro dahil mabilis ito nauunawaan ng mga mag-aaral gamit ang sariling dayalekto kaya ang resulta ay interaktibong nakikibahagi sa talakayan ang mga mag-aaral gamit ang sariling dayalekto; Seryoso ang mga suliranin sa paggamit ng multilinggwal sa pagtuturo sa mga mag-aaral dahil apektado ang kasanayan sa pagganap sa mga gawain sa asignaturang Filipino. Mula sa kinalabasan ng pag-aaral, ang mga sumusunod ang konklusyon: Ang Napakadulas ng Paggamit ng Multilinggwal bilang etratehiya sa pagtuturo ng mga guro ay mabilis na nauunawaan ng mga mag-aaral ang paksang aralin; Ang paggamit ng multilinggwal bilang etratehiya sa pagtuturo ng mga guro ay epektibo sa pagbibigay ng panuto ng mga guro; Seryoso ang mga suliranin sa paggamit ng multilinggwal sa pagtuturo sa mga mag-aaral.

Mga Susing Salita: multilinggwal, etratehiya, pagtuturo, desenyong, tagatugon

I. INTRODUKSYON

Ang multilinggwal ay tumutukoy sa pangwika kung saan nakasalig ito sa paggamit ng wikang Pambansa, ang katutubong wika (*mother tongue*), bagamat hindi rin kinakalimutan ang wikang global, ang Ingles Bondoc (2017). Sa paggamit ng multilinggwal pumapasok dito ang tinatawag na “*translanguaging, code-switching at code-mixing*”. Sa pagpapahayag o pakikipag-usap ay hindi maiiwasan ang mga pangyayaring nakagagamit ang mga guro at mag-aaral ng dalawa o higit pang lenggwahe. Nagiging mas maayos at maganda ang daloy ng pagtuturo o usapan kung ito ay nasasabi sa natural o komportableng salita.

Ayon *National Association for Language Development in the Curriculum (NALDIC) 2016, United Kingdom, translanguaging is nothing new. It can be a very natural way for multilingual people to communicate. Translanguaging is about communication, not about language itself. There are times when we need to be language teachers, focusing on accuracy in English so that our learners can pass exams and be taken as proficient speakers in wider society. Much of the time, though, we are working with students to explore concepts, add to their knowledge, make connections between ideas and to help them make their voices heard by others. This is often about communicating, and this is where using all our language resources can be very valuable.*

Ayon sa pag-aaral nina Reyes at Bagona (2022), *translanguaging gives individual students opportunity to express their ideas and thoughts in class (Garcia & Lin, 2016), and provides them with affective and social advantages as well as a deep understanding of the content (Makalela, 2015).*

Ayon sa pag-aaral ni Antonio (2023), Sa Pilipinas ay may mga mag-aaral na hindi nalinang ang kanilang kakayahan sa pagpapahayag sa Filipino sa kadahilanan sila ay nalantad sa kanilang lokal na diyalekto o mother tongue, sa pagpapatunay ni Toralba (2019).

Ayon sa pag-aaral nina Floralde at Valdez (2017) ang pagsasama ng maraming wika sa pagtuturo ay naging maliwanag sa pamamagitan ng Kautusan ng Kagawaran ng Edukasyon (kaya, DepEd) Blg. 60, serye ng 2008 na nagsasaad na kapag ginagamit ang *mother tongue (MT)* bilang *Language of Instruction (LOI)*, mas matututo ang mga mag-aaral kung ano sila itinuro sa pamamagitan ng wikang alam na nila na dahil dito ay nagpapadali sa pag-aaral. Bukod dito, ang DepEd Order No. 74, s. Ang 2009 ay inilabas upang *i-institutionalize* ang *Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTBMLE)* at iniginigti na ang pagtuturo ay mapapahusay pa kung ang wikang gagamitin sa edukasyon ay ang naiintindihan na ng mga mag-aaral.

Ang paggamit ng multilinggwal bilang etratehiya sa pagtuturo ay nakatuon sa magiging epekto nito sa mga mag-aaral makakaranas ng ganitong paraan ng pagtuturo at pagkatuto. Napatunayan sa maraming pag-aaral ang mabuting epekto nito sa mga indibidwal na nakagagawa nito.

Ayon kay Pawilen (2019) *Teachers may use several teaching strategies and learning activities in each procedure to ensure the success of instruction teachers need to respond to the learning needs of students and align their teaching styles with the learning styles of every student.*

Ayon sa pag-aaral ni Dumanig, (2019), *The MTB-MLE (Mother Tongue Based Multilingual Education) refers to the first language education in the Philippines, where the mother tongue is used as a medium of instruction before learning other languages like Filipino, as the national language, and English, as the international language. The first language or the mother tongue of learners used as a medium of instruction (MOI) from Grade 1 to Grade 3. It also refers to the local languages spoken in the Philippines. The national language in the Philippines, which is Filipino, and used as the medium of instruction (MOI) alongside with English starting from Grade 4 to Grade 6. The second language in the Philippines, which is English, and used as the medium of instruction (MOI) alongside with Filipino starting from Grade 4 to Grade 6. Medium of Instruction (MOI)–refers to the official language of instruction in the classroom. In the Philippines, the mother tongue is used as MOI from Grade 1 to Grade 3 and English and Filipino from Grade 4 to Grade 6.*

Malaki ang papel na ginagampanan ng wika sa larangan ng edukasyon. Sa bansang binubuo ng maraming pulo at dumaan sa maraming pananakop, di mapasubalian ang pagkakaroon ng bansang mayaman sa wika. Sa paglipas ng panahon, patuloy ang naging pagkilos sa tinatawag na globalisasyon. Kasabay ang pag-unlad ay ang pagkakaroon sa iba't ibang barayti ng wika (Candido, 2018).

Ayon kay Labastilla (2017), ang Pilipinas ay isang bansang multilinggwal, mayroong mahigit 150 na wika kaya naman bibihira ang pilipinong *monolingual*. Karamahihan sa mga Pilipino ay nakapagsasalita at nakauunawa ng Filipino, Ingles, at isa o higit pang wikang katutubo o wikang kinaginsan.

Samantala, nasabi ni Cacayorin (2017), na ang pagkakaroon ng isang wikang pambansa ay nagbibigay daan sa pagkakaisa ng mga mamamayan at nagbibigay tulong sa pagpapaunlad ng iba't ibang aspeto sa isang komunidad o bansa. Ito ay nagbibigay ng isang malaking daan upang mapalago ang takbo ng politikal, sosyolohikal, edukasyon at maging ekonomikal na takbo ng lipunan.

Sa edukasyon mahalaga na maintindihan ng mga mag-aaral ang diskusyon sa loob ng klase. Gayundin ang mga mag-aaral na maipahayag ang kanilang ninanais. Hindi magiging matagumpay ang anumang talakayan o aralin sa klase kung hindi gagamit ang guro at mag-aaral ng wika na magdudulot sa hindi pagkakaunawaan ng bawat isa. Kaya naman para lubos na mas maintindihan ng mga mag-aaral ang aralin, hindi maiwasan ng mga guro ang paggamit ng multilinggwal bilang estratehiya upang maipahayag ang mga kaalaman o kaisipan. Ang pagpapahayag ay nagpapaliwanag, nagbibigay kaalaman o pakahulugan, at nagsusuri upang lubos na maipaunawa ang diwang inilalahad o nais ipaabot (Jocelle, 2020). Ito ay isang paraan ng pakikipag-ugnayan at pakikipag-usap sa kapwa gamit ang wika. Ngunit, hindi maikakaila na may mga guro at mag-aaral na hindi pa bihasa sa pagpapahayag ng sarili gamit ang isang wika bagkus ay nakagagamit sila ng dalawang wika o gamit ang kanilang dayalekto. Ayon kay Aduana (2019), ito ang pagsisiwalat ng tao ng kanyang mga nasa saloobin o nararamdaman, paniniwala at ng lahat kanyang lahat na nalalaman.

Sa dami ng mga lenggwaha sa bansa, ang pagpapahalaga sa multilinggwal na pagkatuto ay paraan upang palaganapin ang pagtanggap at paggamit ng mga ito. Lahat ng indibidwal ay may karapatan sa pagkaunawa at pagpapahayag ng sarili. Kung lilimitahan natin ang komunikasyon sa mga opisyal na wika lamang, hindi mabibigyan ng hustisya ang iba pang mga wika at tagapagsalita nito na mayroon din namang natatanging kultura at identidad (United Nations, 2006).

Ang mga ito ay mahalagang konsiderasyon sa pagiging sensitibo sa kultural at linggwistikong pangangailangan ng bawat indibidwal. Gayundin, ang pagkakaroon ng mahigit sa isang wika ay nakabubuti sa pagpapalawak ng perspektibo at mga konsepto ng mga bata habang lumalaki sapagkat may paglilipat ng mga karanasan at kaalaman mula sa pangunahing wika papunta sa pangalawang o iba pang wika na mayroon sila (Latorre et. al., 2017; Cummins, J., 2005).

Sa pag-aaral ni Casalan (2022), University of Antique, *studies on translanguaging in the classroom suggest that language practice benefits both teachers and students in terms of learning. When Torpsten (2018) studied translanguaging in a multilingual Swedish classroom, she discovered that it led to a larger and deeper understanding of language and subjects.*

Ayon kay De Los Reyes (2018) nakakita ng magandang kinalabasan nang magsaliksik siya na ang paggamit ng *translanguaging* sa mga klase sa multilinggwal na ang mga guro ay nakapaglahad ng kanilang mga aralin nang mas epektibo at mahusay at ang mga mag-aaral ay nakapag-ambag ng makabuluhang sa mga talakayan sa silid-aralan.

Multilingualism is not a recent phenomenon. Multilingual scholars from different parts of Europe were responsible for the translation of Arabic and Greek texts into Latin and the transmission of learning in the Middle Ages. Multilingualism was also present in the first written examples of the Spanish and Basque languages, the Glosas Emilianenses. These were notes in Spanish and Basque written in a Latin book at the end of the 11th century. At the societal level, a well-known example is multilingualism in England after the Norman Conquest in 1066. English was the language of the majority of the population, but Norman French was the language of the ruling class, and Latin was the language of record keeping and the Church. An older example of multilingualism is Sumerian-Akkadian in Southern Mesopotamia during the third millennium BCE.

Sa tulong ng paggamit multilinggwal mas napapahusay ang kasanayang pangkomunikasyon at pagpapahayag. Napapalawak at lumalim pa ang pananaw ng bawat isa. Ito ay malaking pagkakataon para sa personal at propesyonal na pag-unlad at upang makiisa sa bawat indibidwal.

Para sa iba, ang paggamit ng multilinggwal ay nagkaroon ng malaking impak o ambag nito sa lipunan lalo na sa edukasyon. Kaya naman hindi lamang sa tahanan ito ginagamit, ito ay maging sa pagtuturo at pag-aaral. Nagkaroon ng malayang pagpapahayag ang bawat isa, nagiging mas epektibo ang talakayan sa paggitan ng guro at mag-aaral.

Pagsasang-ayon naman ng grupong Clearias (2023) ng India, ang edukasyong multilinggwal ay ipinakita na may mga kalamangan sa pag-iisip, kabilang ang pinahusay na mga kasanayan sa pagpapahayag sa paglutas ng problema, kritikal na pag-iisip, at kakayahang umangkop sa isip. Maaaring mapahusay ng pag-aaral sa maraming wika ang pag-unlad ng kognitib at itaguyod ang kasanayan sa wika sa iba't ibang wika.

Sinabi naman ni Kosonen (2017), *traditionally, Southeast Asian language policies have emphasized the respective official and national languages. However, over the past two decades, a movement towards multilingual education (MLE) has arisen in the region. Which includes Cambodia, the Philippines, Thailand, Timor-Leste, and Vietnam.*

Sa pag-aaral ni Antonio (2023) binanggit nina Francis at Simpson (2017), ang mababang pagkalantad sa pagpapahayag sa pambansang wika ng mga mag-aaral na nakasanayang magpahayag sa kanilang lokal na wika/diyalekto o *mother tongue*.

Ayon sa pag-aaral ng grupong Varthana (2023) ang mga guro ay may pananagutan sa pagtanggap at pagsuporta sa magkakaibang lingguwistika na *background* ng kanilang mga mag-aaral. Kabilang dito ang paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo na nakikinabang sa

mga katutubong wika ng mga mag-aaral habang pinapadali ang pagkuha ng mga karagdagang wika. Dapat silang lumikha ng isang kurikulum na tumutugon sa kultura, gumamit ng magkakaibang pagtuturo, at gumamit ng mga *visual aid at bilingual* na mapagkukunan upang matiyak ang pag-unawa. Gumaganap sila bilang mga tagapamagitan sa kultura, na nagtataguyod ng paggalang at pag-unawa sa mga mag-aaral mula sa iba't ibang lingguwistika na pinagmulan. Sa pagtatag ng bagong kurikulum ngayon ay ang integrasyon ng Mother Tongue sa mga asignatura sa *K-Grade 1*. Ayon kay Malipot (2023), ng Manila Bulletin, aalisin ng DepEd ang *mother tongue* bilang asignatura sa bagong inilunsad na *MATATAG K to 10 Curriculum* na mai-implementasyon sa K, 1, 4 at 7 na baitang ngayong taon at ipatutupad sa mga yugto simula SY 2024-2025.

Hindi maikakaila na marami pa ring mga mag-aaral ang tuluyang sumusuko o inaayawan ang pag-aaral sa iba't iba nilang kadahilanan. Upang maiwasan ito dapat ang mga guro ay gumamit ng masaya at kapana-panabik na estratehiya o aktibidad sa loob ng klase. Naniniwala ang iba na ang paggamit ng multilinggwal bilang estratehiya sa pagtuturo ay nakatutulong sa mga mag-aaral upang maging komportable sa loob ng klase sa pakikipag-interakasyon sa bawat isa, pagpapahayag ng kanilang kaisipan at ma-enganyo lalo sa kanilang mga ginagawa.

II. METODOLOHIYA

Inilahad sa kabanatang ito ang mga pangunahing pamamaraan, disenyo at pagsusuri ng mga kagamitan ng pananaliksik sa paglikom ng mga datos, pagbuo, at pagtibay ng mga kagamitan, paraan sa paglikom ng mga datos at pagsuring istatistika, lokal at populasyon ng pananaliksik.

Ang pananaliksik na ito ay ginamitan ng deskriptibo at kwantitatibong pamamaraan upang malaman ang epektibong Paggamit ng Multilinggwal Bilang Estratehiya sa Pagtuturo.

Ang deskriptibong pananaliksik ay naglalayong magbigay ng tumpak at pamamaraan na paglalarawan ng isang populasyon, sitwasyon, o *phenomenon* (Taherdoost, 2022). Maaari itong tumugon sa mga katanungan tungkol sa kung ano, saan, kailan, at paano at maaaring gumamit ng iba't ibang mga pamamaraan ng pananaliksik upang suriin ang isa o higit pang mga kadahilanan (Siedlecki, 2020).

Ayon naman kay Williams (2007) binanggit ni Creswell (2002), na ang kwantitatibong pananaliksik ay ang proseso ng pagkolekta, pagsusuri, pagbibigay-kahulugan, at pagsulat ng mga resulta ng isang pag-aaral.

Sa pag-aaral na ito ay siyang pangunahing instrumento sa pagkalap ng mga may katiyakang datos at impormasyon sa pamamagitan ng pagpapamudmod ng mga talatanungan sa mga piling tagatugon ayon sa kanilang karanasan o obserbasyon sa loob ng klase. Ang Kwantitatibong pag-aaral ay isang uri ng pag-aaral na ginagamitan ng mga *numerical* na datos upang matukoy ang sagot sa mga suliranin o problemang inilalahad kung saan ay nagmumungkahi ng planong gawain. Ito ay isinasagawa sa paraang matematikal, kompyutasyonal at estatistikal.

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa mga piling pampublikong paaralan ng Itogon I na nabibilang sa Distrito I sa taong panuruan 2024-2025. Ang napiling tagatugon sa pag-aaral ay ang apatnapu (40) na mga guro na nagtuturo sa elementarya sa Itogon I sapagkat sila ay kabilang sa multilinggwal na pamayanan (Iloko at Kankana-ey).

Talahanayan 1

Distribusyon ng mga Tagatugon

Paaralan	Bilang ng mga Guro
Baguio Gold Elementary School	6
Pacalso Elementary School	15
Tuding Elementary School	19
Kabuuang bilang	40

Paaralan sa Barangay Tuding, Itogon, Distrito 1 2024

Ang pangunahing instrumento sa pagkolekta ng mga kinailangang datos ay ang pagmudmod ng mga talatanungan sa mga piling tagatugon. Sinuri rin ang mga aklat at journal na may kaugnayan sa pag-aaral. Ang mga na-*published* at hindi pa na-*published* na tesis o pag-aaral upang matulungan ang mananaliksik sa paghahanda ng mga talatanungan. Ito ay isinagawa upang makakalap ng sapat na impormasyon at datos na ginamit sa pananaliksik sa pagbigay ng interpretasyon.

Ang talatanungan ay hango kay Lamosen (2023) na pinagtibay, nasuri at naayos. Ang mananaliksik din ay nagdagdag ng kaunti lamang alinsunod sa pag-aaral at sumangguni sa eksperto para sa ikagaganda at ikaaangkop ng talatanungan bago ipamudmod sa mga tagatugon.

Sa ginawang paglikom ng mga datos, humingi ang mananaliksik ng liham pahintulot mula sa Dekano ng Paaralang Gradwado ng Baguio Central University at ibinigay sa tagapangasiwa ng Pampublikong Paaralan sa Itogon Distrito I, at ang mga punong-guro upang maisagawa ang kanyang pag-aaral at sumunod na ibinigay ang talatanungan sa mga gurong tagatugon.

Ang pagsagot sa talatanungan ay isinagawa sa mga kapwa guro ng mga piling pampublikong paaralan sa Itogon Distrito I. Pagkatapos masagutan ang mga talatanungan ay sinuri ang lahat ng sagot ng mga tagatugon.

Ang ginamit sa pag-aaral ay *average weighted mean* o bigat ng tugon (Downie at Heat, 1982 sa pagbanggit ni Banayat, 2017).

III. KINALABASAN AT PAGTALAKAY

Ang bahaging ito ng pananaliksik ay ukol sa paglalahad ng kinalabasan at pagbibigay ng interpretasyon sa mga datos na nakalap, ginamit ang proseso at binigyang kahulugan upang tugunan ang mga suliraning nailahad.

A. Dalas ng Paggamit ng Multilinggwal Bilang Estratehiya ng mga Guro sa Pagtuturo sa mga Mag-aaral

Inilalahad ng Talahanayan 2 ang dalas ng paggamit ng multilinggwal bilang estratehiya ng mga guro sa pagtuturo sa mga mag-aaral sa mga piling pampublikong paaralan ng Itogon I na nabibilang sa Distrito I sa taong panuruan 2024-2025. Mula sa Talahanayan 2 na may kabuoang bigat na **3.40** na may katumbas na paliwanag na "Napakadalas na Ginagamit" ang multilinggwal bilang estratehiya sa pagtuturo ng mga guro sa mga mag-aaral.

Ayon kay Aduana (2019) sa paggamit ng multilinggwal pumapasok dito ang tinatawag na "*translanguaging, code-switching at code-mixing*". Sa pagpapahayag o pakikipag-usap ay hindi maiiwasan ang mga pangyayaring nakagagamit ang mga guro at mag-aaral ng dalawa o higit pang lenggwahe. Nagiging mas maayos at maganda ang daloy ng pagtuturo o usapan kung ito ay nasasabi sa natural o

komportableng salita. Ang napakadulas na paggamit ng multilingual bilang estratehiya sa pagtuturo ay nagdudulot sa mga mag-aaral na upang higit na mauunawaan ang paksang aralin patunay ang tagapagpahiwatig na pakikipag-usap sa mga mag-aaral na may *weighted mean* na 3.52 ang ngunguna sa ranggo. Ayon kay Mayos (2016) sa layunin ng kurikulum sa Edukasyong Sekundarya na madebelop ang kakayahan ng mga mag-aaral sa larangan ng mataas, kritikal at masining na pag-iisip, at mas malawak na pagkaunawa at gawang pagpapahayag sa iba't ibang tunay na sitwasyon at inaasahang bunga na nakadebelop ng mga mag-aaral na nagtataglay ng sapat na mga kaalaman, kakayahan at kasanayan sa paggamit ng akademikong wika sa pakikipagtalastasan upang mahusay at mabisang komunikaytor sa Filipino. Pagkatapos ng ikaapat na taon, ang mga mag-aaral ay inaasahang magiging mahusay at mabisang komyunikeytor sa Filipino na may pagmamalaki sa kaniyang wika at panitikan at nagtataglay ng malikhain at mapanuring pag-iisip lalo na ukol sa mga pangyayari sa lipunan. Pangalawa ang pagsagot sa mga katanungan na may *weighted mean* na 3.5 at pangatlo sa ang usapan o dayalogo na may *weighted mean* na 3.45.

Ayon kay Antonio (2023) sa kanyang pag-aaral binanggit nina Francis at Simpson, ang mababang pagkalantad sa pagpapahayag sa pambansang wika ng mga mag-aaral na nakasanayang magpapahayag sa kanilang lokal na wika/diyalekto o mother tongue. Sa ating bansa, may mga mag-aaral na hindi nalinang ang kanilang kakayahan sa pagpapahayag sa Filipino sa kadahilanang sila ay nalantad sa kanilang lokal na diyalekto o mother tongue, sa pagpapatunay ni Torralba (2019).

Talahanayan 2

Gaano Kadalas Ginagamit ng mga Guro ang Multilingual Bilang Estratehiya sa Pagtuturo (N= 40)

Tagapagpahiwatig	Dalas ng Paggamit ng Multilingual						
	NG (4)	MG (3)	HgG (2)	HG (1)	TWP	WM	DE
1. Usapan o Dayalogo	(19) 76	(20) 60	(1) 2	(0) 0	138	3.45	NG
2. Paglalahad o Pagbibigay ng Panuto	(19) 76	(20) 60	(0) 0	(1) 0	136	3.40	NG
3. Talakayan	(18) 72	(21) 63	(1) 2	(0) 0	137	3.42	NG
4. Pagpapahayag ng Aralin	(16) 64	(22) 66	(1) 2	(1) 0	132	3.30	NG
5. Pagsasalaysay o pagkukwento	(17) 68	(22) 66	(1) 2	(0) 0	136	3.40	NG
6. Paglalarawan	(18) 72	(20) 60	(1) 2	(1) 1	135	3.37	NG
7. Pangangatwiran	(15) 60	(23) 69	(1) 2	(1) 1	132	3.30	NG
8. Pakikipag-usap sa mga mag-aaral.	(22) 88	(17) 51	(1) 2	(0) 0	141	3.52	NG
9. Pagsagot sa mga katanungan.	(22) 88	(16) 48	(2) 4	(0) 0	140	3.50	NG
Kabuuan Bigat						3.40	NG

Ayon sa pag-aaral nina Floralde at Valdez (2017), ang pagsasama ng maraming wika pagtuturo ay naging maliwanag sa pamamagitan ng Kautusan ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) Blg. 60, serye ng 2008 na nagsasaad na kapag ginagamit ang *mother tongue (MT)* bilang *Language of Instruction (LOI)*, mas matututo ang mga mag-aaral kung paano itinuro sa pamamagitan ng wikang alam na nila na dahil dito ay nagpapadali sa pag-aaral.

Ayon sa DepEd Order No. 74, s. ng 2009 ay inilabas upang *i-institutionalize* ang *Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTBMLE)* at iginigiit na ang pagtuturo ay mapapahusay pa kung ang wikang gagamitin sa edukasyon ay ang nauunawaan ng mga mag-aaral. Samantalang patas ang *weighted mean* na 3.4 sa paglalahad o pagbibigay ng panuto at pagsasalaysay o pagkukwento na nasa ikaapat na ranggo; Talakayan ay may *weighted mean* na 3.425 na nasa ika-anim na ranggo; ang paglalarawan na nasa ika-pitong ranggo; patas ang pagpapahayag ng aralin at pangangatwiran na nasa ika- walong ranggo na may *weighted mean* na 3.3. Samakatuwid ang napakadulas na paggamit ng multilingual bilang estratehiya sa pagtuturo ng mga guro ay nakakatulong sa mga mag-aaral na mabilis na maunawaan ang kanilang paksang aralin ngunit may epekto sa paglinang sa kakayahang umunawa at kasanayan sa pasalita gamit ang wikang Filipino.

Ayon sa pag-aaral ni Antonio (2023) batay sa obserbasyon ng mananaliksik na nagturo ng wikang Filipino sa Mataas na Paaralan ng Loacan sa Munisipyo ng Itogon, ang mga Grade 11 na mag-aaral sa Strand na Humanities and Social Sciences Strand (HUMSS) at Technological Vocational Livelihood (TVL) ay may matataas na antas sa pagsusulat, pagbabasa at pakikinig sa wikang Filipino, ngunit sa pagsasalita o pagpapahayag ay mistulang sila ay nahihirapan dahil sa kanilang komunidad na Iloko, Ibaloi, at Kankana--ey ang kanilang pang araw-araw na ginagamit upang magsalita o magpapahayag. Dagdag pa rito na ang mga nasabing lengguwahe ang kanilang kinalakihan.

Binanggit din sa pag-aaral ni Antonio (2023) ang mga guro sa Filipino ay magkakaroon ng karagdagang kaalaman ukol sa tamang pagpapatupad ng lunas, estratehiya, at malikhain na pamamaraan upang mapataas ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, at malinang ang kanilang kakayahan sa pagpapahayag.

Ayon kay Gutierrez (2016) tinukoy ni Bruner "Dapat na pinag-uusapan ng guro at mag- aaral ang kanilang mga natututunan. Kung kaya dapat na matutong magpapahayag o magsalita ang mga mag aaral upang mas higit niyang maunawaan ang mga tinalakay.

Ang pala-palagay na dalas ng paggamit ng multilingwal bilang estratehiya sa pagtuturo ng mga guro sa mga mag-aaral ay hindi tanggap dahil ang kinalabasan ng pag-aaral na may kabuuang bigat na 3.40 at may katumbas na paliwanag na “Napakadalas na Ginagamit” ang multilingwal kaya ang mga mag-aaral ay mabilis na nauunawaan ang mga aralin.

B. Gaano Ka-Epektibo ang Paggamit ng Multilingwal Bilang Estratehiya ng mga Guro sa Pagtuturo?

Inilalahad ng Talahanayan 3 kung gaano kapektibo ang paggamit ng multilingwal bilang estratehiya ng mga guro sa pagtuturo sa mga mag-aaral. Mula sa Talahanayan 3 na may kabuuang bigat na 3.19 na may katumbas na paliwanag na Epektibo na ginagamit ang multilingwal bilang estratehiya sa pagtuturo ng mga guro sa mga mag-aaral.

Ayon sa ginamit na tagapagpahiwig sa pagbibigay panuto sa mga mag-aaral gamit ang multilingwal bilang estratehiya sa pagtuturo ang nangunguna sa ranggo na may *weighted mean* na 3.525 katumbas na paliwanag na Lubos na Epektibo. Ayon kay Pawilen (2019), *Teachers may use several teaching strategies and learning activities in each procedure to ensure the success of instruction teachers need to respond to the learning needs of students and align their teaching styles with the learning styles of every student.*

Ayon sa Deped Order No. 010, s. 2024 (*Policy Guidelines on the Implementation of MATATAG Curriculum*), *the medium of teaching and learning (MOTL) for this stage of the MATATAG Curriculum observes from the dominance of the first language (L1) or the language that learners use and understand, from kindergarten until Grade 1 to the accommodation of both Filipino and English, which are used starting Grade 2 until the end of program. The first language shall be the MOTL for all learning areas in Key Stage 1, except for the Filipino and English subjects. The MOTL used for Key Stage 2 shall be Filipino and English. The learner’s first language shall continue to be used as an auxiliary medium, whenever necessary, to facilitate teaching and learning.*

Ayon sa pag-aaral ni De Guzman (2023) may dalawang uri ng pamamaraan ng pagtuturo, ang luma at ang makabagong pamamaraan. Sa kasalukuyang panahon, higit na niyayakap ng mga guro ang makabagong pamamaraan ng pagtuturo upang makuha ang atensyon ng mga mag-aaral.

Ayon naman kay Chand (1990), *“The main goal of the new methods is personality development through proper stimulation, direction, and guidance. The new methods place more emphasis on thinking and less upon memorizing, more on understanding and less on merely accumulating facts, and more through genuine interest and less learning through coercion.”* Sa madaling salita, ang makabagong pamamaraan ng pagtuturo ay nakabatay sa interes ng mga mag-aaral at kung paano nila ito gagamitin sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Mas natututo ang isang mag-aaral kung may kinalaman ito sa kanyang interes.

Dagdag pa niya, *“The method of teaching to be used must be brought into harmony with the experiences, ability, health, interest, and need of the pupil, and with his progress and growth. The teacher must also bear in mind that the child’s interests and needs are many and varied and they change with his changing nature.”* Sa mga pahayag na ito, lumalabas na ang pagkatuto ng isang mag-aaral na nakabatay sa kanyang interes ay nasa kamay din ng isang guro. Upang magkaroon ng epektibong pagtuturo, ang isang guro ay nararapat lamang na magkaroon ng malawak na pag-unawa sa pagbabagong nagaganap sa kanyang mga mag-aaral at huwag manatili sa makalumang pamamaraan ng pagtuturo.

Pangalawa sa ranggo na may *weighted mean* na 3.50 at katumbas na paliwanag na Lubos na Epektibo ang interaktibong talakayan ng guro at mag-aaral. Ayon kay Mayos (2016) makikita ang prinsipyong interaktibong ito kung ang klasrum ng Filipino ay nagbibigay daan sa mga mag-aaral upang sila mismo ang magtalakay ng mga paksa at nagbabahaginan ng maraming kaalaman na umiikot dito. Mahalaga ang interaksyon sa pagtuturo at pagkatuto ng wika. Hindi lamang pagpapahayag ng sariling ideya ang mahalaga kundi ang pag-unawa sa mensaheng ipinahahayag ng iba pang kasangkot sa interaksyon.

Talahanayan 3

Gaano kapektibo ang Paggamit ng mga Guro ng Multilingwal Bilang Estratehiya sa Pagtuturo. (N= 40)

Tagapagpahiwig	Paggamit ng Multilingwal Bilang Estratehiya				TWP	WM	DE
	LE (4)	E (3)	HgE (2)	HE (1)			
1. Usapan o Dayalogo sa mga mag-aaral	(15) 60	(25) 75	(0) 0	(0) 0	135	3.37	LE
2. Pagbibigay Panuto sa mga mag-aaral	(23) 92	(15) 45	(2) 4	(0) 0	141	3.52	LE
3. Interaktibong Talakayan ng Guro at Mag-aaral	(20) 80	(20) 60	(0) 0	(0) 0	140	3.50	LE
4. Ang Dula-Dulaan gamit ang multilinggwal	(9) 36	(25) 75	(5) 10	(1) 1	122	3.05	E
5. Pagsasalaysay o pagkukwento sa klase	(18) 72	(18) 54	(4) 8	(0) 0	134	3.35	LE
6. Paglalarawan ng paksang aralin	(15) 60	(23) 69	(2) 4	(0) 0	133	3.32	LE
7. Paglalahad ng isang Talakay ng aralin	(16) 64	(22) 66	(2) 4	(0) 0	134	3.35	LE
8. Debate	(7) 28	(26) 78	(5) 10	(2) 2	118	2.95	E

9. Pakikipanayam na gawain	(13) 52	(24) 72	(3) 6	(0) 0	130	3.25	E
10. Kasanayan sa pagsasalita gamit ang multilinggwal	(13) 12	(22) 66	(5) 10	(0) 0	88	2.20	HgE
11. Pagpapahayag ng sariling opinyon tungkol sa aralin	(16) 64	(20) 60	(4) 8	(0) 0	132	3.30	E
Kabuuang Bigat						3.19	E

Ayon sa pag-aaral ni Puray (2023) binanggit ni Wells, na nagsabing ang interaksyon sa klase ay kinapapalaoban ng tatsulok na ugnayan ng tagahatid ng mensahe, tagatangap nito at ng konteksto ng sitwasyon, pasulat man o pasalita.

Ayon kay Mayos (2016) binanggit ni Pagcalinawan sa loob ng klasrum, may tatlong uri ng interaksyon na maaring lahuman ng mga mag-aaral: interaksyon ng guro, sa kapwa mag-aaral at teksto o kagamitang pampag-aaral.

Pumangatlo sa ranggo ang usapan o dayalogo sa mga mag-aaral na may *weighted mean* na 3.37 at katumbas na paliwanag na Lubos na Epektibo. Ayon kay Amcay (2024) binanggit sa pag-aaral ni Puray (2023), ang *Basic Interpersonal Communication Skills* (BICS) ay isang kasanayan sa pagsasalita (Language skills) na kailangan sa lipunang ginagalawan. Ito ay pang-araw-araw na wikang kinakailangan upang makipag-ugnayan sa ibang tao. Ang pakikisalamuha ay kadalasang nakaugnay dito, kaya ito ay nagkakaroon ng makabuluhang kontekstong sosyal. Napapaunlad nila ang paggamit ng wika kung patuloy at aktuwal nila itong magagamit sa pang-araw-araw na pamumuhay (Gutierrez, (2016).

Ang pala-palagay na Epektibo ay tanggap dahil ang kinalabasan ng pag-aaral na may kabuuang bigat na **3.19** at may katumbas na paliwanag na Epektibo ay walang pinagkaiba ang paggamit ng multilinggwal bilang estratehiya sa pagtuturo ng mga guro sa mga mag-aaral.

C. Gaano kaseryoso ang mga Suliranin sa Paggamit ng mga Guro ng Multilinggwal Bilang Estratehiya sa Pagtuturo

Inilalahad ng Talahanayan 4 kung gaano kaseryoso ang mga suliranin sa paggamit ng multilinggwal bilang estratehiya ng mga guro sa pagtuturo sa mga mag-aaral. Mula sa Talahanayan 4 na may kabuoang bigat na 2.95 at may katumbas na paliwanag na Seryoso. Ayon kay De Guzman (2023) binanggit ni Skinner sa kanyang teorayng *Behaviorism Theory* na ang panloob na proseso tulad nga pag-iisip at emosyon ay nararapat na isaalang-alang sa pag-analisa ng pag-uugali ng isang tao.

Talahanayan 4

Gaano Kaseryoso ang mga Suliranin sa Paggamit ng mga Guro ng Multilinggwal Bilang Estratehiya sa Pagtuturo (N= 40)

Tagapagpahiwatig	Mga Suliranin				TWP	WM	DE
	N (4)	S (3)	HgS (2)	HS (1)			
1. Tiwala sa sarili	(4) 16	(13) 39	(17) 34	(6) 6	95	2.375	S
2. Kaalaman sa wastong bigkas at intonasyon ng mga salita	(7) 28	(16) 48	(14) 28	(3) 3	107	2.675	S
3. Kasanayan sa pagbigkas ng Filipino sa pagpapahayag ng diwa, iniisip paniniwala at damdamin	(9) 36	(18) 54	(11) 22	(2) 2	114	2.85	S
4. Kasanayan sa pasalita gamit ang kagamitang multilinggwal	(8) 32	(15) 45	(15) 30	(2) 2	109	2.725	S
5. Kasanayan sa pakikipag-usap gamit ang wikang Filipino	(8) 32	(17) 51	(9) 18	(6) 6	107	2.675	S
6. Kahandaan sa estitikong pakikipag-usap	(6) 24	(18) 54	(14) 28	(2) 2	108	2.7	S
7. Kahandaan sa akademikong talakayan	(5) 20	(22) 66	(13) 26	(0) 0	112	2.8	S
8. Kasanayan sa pagganap sa mga gawain sa asignaturang Filipino.							
a. Dayalogo	(6) 24	(21) 63	(12) 24	(1) 1	112	2.8	S
b. Pagsasalaysay o pagkukwento	(8) 32	(21) 63	(9) 18	(2) 2	115	2.875	S

c. Paglalahad ng aralin	(7) 28	(21) 63	(9) 18	(3) 3	112	2.8	S
d. Paglalarawan	(9) 36	(18) 54	(10) 20	(3) 3	113	2.825	S
e. Pangangatwiran	(7) 28	(19) 57	(11) 22	(3) 3	105	2.625	S
f. Debate	(5) 20	(23) 69	(11) 22	(1) 1	112	2.8	S
g. Malayang talakayan sa klase	(8) 32	(18) 54	(13) 26	(1) 1	113	2.825	S
h. Gawaing dula-dulaan	(4) 16	(23) 69	(10) 20	(3) 3	108	2.7	S
i. Pangkatang gawain	(7) 28	(21) 63	(11) 22	(1) 1	114	2.85	S
Kabuonan ng kasanayan sa pagganap sa mga gawain sa asignaturang Filipino						4.83	N
Kabuoang Bigat						2.954	S

Una sa ranggo ng tagapagpahiwig ang Kasanayan sa pagganap sa mga gawain sa asignaturang Filipino na may *weighted mean* na 4.83 na Napakaseryoso ng mga suliranin. Ang Teorya ng *Self-Efficacy* o *Self-Efficacy Theory*, na ipinanukala ni Albert Bandura, ayon kay Wentzel at Wigfield (2014), ang paniniwala ng mga indibidwal sa kanilang sariling kakayahan na magtagumpay sa partikular na mga gawain o sitwasyon ay may malaking epekto sa kanilang motibasyon, pagsisikap, at pagtitiyaga. Kapag inilalapat sa pagsusulat ng sanaysay, ipinapahiwig ng Teorya ng *Self-Efficacy* na ang kumpiyansa ng mga mag-aaral sa kanilang kakayahan sa pagsusulat ay direkta ring nakakaapekto sa kanilang pakikilahok sa mga gawain sa pagsusulat, kalidad ng kanilang mga komposisyon, at kanilang kabuuang tagumpay sa pagsusulat. Binibigyang-diin ni Bandura na ang mga paniniwala sa *self-efficacy* ay binubuo ng apat na pangunahing pinagmumulan: mga karanasan sa pagpapamaster, modelo sa lipunan, paniwalang panlipunan, at pisikal at emosyonal na kalagayan. Ang mga pinagmulang ito ay nakikipag-ugnayan sa mga pananaw ng indibidwal sa kanilang kasanayan sa pagsusulat at sa kanilang kahandaang harapan ang mga hamon sa pagsusulat. Sa mga paaralan sa antas sekondarya, ang pagsulat ng sanaysay ay isang mahalagang kasanayan na tinututukan upang matuto ang mga mag-aaral. Ang pagbuo ng mga kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ay hindi lamang nagpapalawak ng kaalaman at pag-unawa ng mga mag-aaral sa isang tiyak na paksa, kundi nagpapalalim din ng kanilang kakayahang magpahayag ng kanilang sariling opinyon at ideya.

Pangalawa sa ranggo ang Kasanayan sa Pagbigkas ng Filipino sa pagpapahayag ng diwa, iniisip paniniwala at damdamin na may *weighted mean* na 2.85 na may katumbas na paliwanag na seryoso. Ayon sa pag-aaral ni Amcay (2024), sinabi ni Maranan na ang pagsasalita ay maituturing na isang *productive skills* dahil sa nililalang nito ang kasanayang makapag-bahagi ng anumang naiisip, nalalaman, nararamdaman, at maging karanasan na maaring maging kapakipakinabang para sa iba. Kung gayon, isang malaking tungkulin o responsibilidad kung naatasang magsalita upang magbahagi ng mensahe, kailangan ng ibayong paghahanda upang maging epektibo sa mga tagapakinig. Ito ay pagbibigay, pagbabahagi ng kaisipan at mensahe sa pamamagitan ng *verbal* na paraan na ginagamit ang wika na may wastong tunog, tamang gramatika, upang malinaw ang pagpapahayag. Ang kakayahan at kasanayan ng isang tao na maihayag ang kanyang ideya, paniniwala at nadarama sa pamamagitan ng paggamit ng wikang nauunawaan ng kanyang kausap. Kakayahang ipabatid ang nasa isip o nadarama sa pamamagitan ng pagbigkas.

Ayon kay Urielle (2016) mula sa Mga Kasanayan sa Pagsasalita ay ang Kasanayang Di-Pormal at Kasanayang Pormal. Binanggit ni Dungo C.S (2016) ang mga kasangkapan sa pagsasalita nasusukat ang bisa ng tagapagsalita sa lakas ang kanyang panghikayat sa kanyang tagapakinig o di kaya'y sa kanyang sinasabi. Nakita ito sa reaksyon ng kanyang tagapakinig sa kanya. Ang mga kasanayan sa pagsasalita na dapat linangin: Kailangang may sapat ang mag-aaral na kasanayan sa pag-iisip ng mensahe sa pinakamaikling panahon. May mga sitwasyong nangangailangan ng *presence of mind*. Una sa gayong sitwasyong kailangan ng bilis ng pag-iisip upang agad na masabi ng isang tao ang kailangan niyang masabi; Ikalawa, kailangang may sapat siyang kasanayan sa paggamit ng mga kaisipan sa pagsasalita tulad ng tinig, tindig, galaw, kumpas at iba pang anyong di-berbal; Ikatlo, kailangang may sapat ang mga mag-aaral na kasanayan sa pagpapahayag sa iba't ibang *genre* tulad ng pagsasalaysay, paglalarawan, paglalahad at pangangatwiran.

Pangngatlo sa ranggo ang Kahandaan sa akademikong talakayan na may *weighted mean* na 2.8 at may katumbas na paliwanag na Seryoso. Ayon kay Gutierrez (2016) tinukoy ni Jim Cummins na ang *Basic Interpersonal Communication Skills (BICS)* ay isang kasanayan sa pagsasalita (*Language Skills*) na kailangan sa lipunang ginagalawan. Ito ay pang-araw araw na wikang kinakailangan upang makipag-ugnayan sa ibang tao. Ang pakikisalamuha (*social interactions*) ay kadalasang nakakaugnay dito kaya. Ito ay nagkakaroon ng makabuluhang kontekstong sosyal. Napapanulad nila ang paggamit ng wika kung patuloy at aktuwal nila itong magagamit sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Ayon kay Cedre (2016), tinukoy ni Ausubel D. ang konsepto ng istrukturang kognitibo ang mahalaga. Tinitingnan niya ito bilang kabuuan ng lahat ng kaalaman na natatamo natin kasama ang relasyon sa pagitan ng mga katotohanan, konsepto at prinsipyo na bumubuo sa kaalamang. Ayon kay Gutierrez (2016) ang pangkalahatang layunin ng K to 12 Filipino Kurikulum ay makalinang ng isang buo at ganap na Pilipinong may kapaki-pakinabang na literasi na makakatuon sa paglinang ng mga sumusunod: Una ang kasanayang pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, pagsusulat at panood ay marapat na mahubog upang magkaroon ang mag-aaral ng mga kasanayang komunikatibo, replektibo/mapanuring pag-iisip.

Ayon kay Cedre (2016) ang pagsasalita ang pinakagamiting pagpapahayag sa wika. Mayroong mga lunsaran sa pagkatuto na maaring gamitin ng guro upang malinang ang kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral tulad ng diyalogo, pagbibigay ng panuto, talakayan, mga dula-dulaan, pagkukwento, paglalarawan, pagbibigay ng isang talakay at debate.

Ang pala-palagay na Hindi gaanong Seryoso ay hindi tanggap dahil ang kinalabasan ng pag-aaral na may kabuuang bigat na **2.95** at may katumbas na paliwanag na Seryoso ang mga suliranin sa paggamit ng multilinggwal bilang estratehiya sa pagtuturo ng mga guro. Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa mga piling pampublikong paaralan ng Itogon I na nabibilang sa Distrito I sa taong panuruan 2024-2025. Ang napiling tagatugon sa pag-aaral ay ang apatnaput (40) na mga guro na nagtuturo sa elementarya sa Itogon I sapagkat sila ay kabilang sa multilinggwal na pamayanan (Iloko at Kankana-ey). Layunin ng pag-aaral na ito na alamin at suriin ang pagkaepektibo sa pagkatuto ng mga

mag-aaral gamit ang multilinggwal bilang estratehiya sa pagtuturo ng mga guro. Ang napakadalas na paggamit ng multilinggwal bilang estratehiya sa pagtuturo ay nakatulong sa sa mabilis na pag-unawa ng mga mag-aaral ang paksang aralin. Dahil sa napakadalas na paggamit ng multilinggwal ay epektibo ito sa pagbibigay ng panuto kaya nagiging interaktibo ang talakayan sa pakikibahagi ng mga mag-aaral sa talakayan ngunit nagresulta ito na seryoso ang mga suliranin sa paggamit ng multilinggwal bilang estratehiya sa pagtuturo ng mga guro.

IV. KONKLUSYON

Ang konklusyon at mga rekomendasyon ng pag-aaral na ito ay napagtantanto pagkatapos ng masusing pagsusuri at pagbibigay kahulugan sa mga nakalap na impormasyon at datos. Batay sa mga kinalabasan ng pag-aaral, ang mga sumusunod na konklusyon ay nabuo: Ang Napakadalas ng Paggamit ng Multilinggwal bilang estratehiya sa pagtuturo ng mga guro ay mabilis na nauunawaan ng mga mag-aaral ang paksang aralin; Ang paggamit ng multilinggwal bilang estratehiya sa pagtuturo ng mga guro ay Epektibo sa pagbibigay ng panuto ng mga guro; Seryoso ang mga suliranin sa paggamit ng multilinggwal sa pagtuturo sa mga mag-aaral.

PASASALAMAT

Taos-pusong pasasalamat ang ipinapaabot ng mananaliksik sa mga sumusunod na tumulong sa pagsasakatuparan ng pag-aaral na ito: Sa Panginoong Maykapal, na nagbigay ng pagmamahal, lakas ng loob, patnubay, tiyaga, gabay at higit sa lahat, karunungan; Dr. Maragarita Ceceida B. Rillera, Pangulo, Baguio Central University sa kanyang walang sawang paggabay sa Paaralang Gradwado; Dr. Genevieve B. Kupang, Dekano ng Gradwadong Paaralan, isang buong pasasalamat; Dr. Perfecto M. Lopez, Pangalawang Pangulo ng Administrasyon ng Baguio Central University, sa malayang pagtulong, paggabay at pagbabahagi ng kaalaman; Dr. Maria Lourdes G. Eguia bilang tagapayo sa kanyang walang humpay na pagtulong at pagbibigay ng maraming panahon sa pagwawasto, pagbibigay gabay at mahabang pag-unawa sa mananaliksik upang matapos ng maayos ang pag-aaral na ito; Sa mga Lupon ng Tagapagsuri sa pamumuno ni Dr. Leonardo M. Aquino at sa mga kasapi na sina Dr. Jose R. Balcanao, Dr. Manion K. Alcantara at Dr. Lourdes A. Bela-o sa kanilang ibinigay na mga mungkahi upang maisaayos ang pag-aaral na ito; Sa punong guro ng paaralang at mga tagatugon mula sa mga napiling tagatugon sa pag-aaral ay ang apatnapu (40) na mga guro na nagtuturo sa elementarya sa Itogon 1, Benguet, Pilipinas; Sa mga tagapatnubay sa silid-aklatan ng Baguio Central University sa kanilang kabaitan sa pagbibigay tulong sa paghahanap ng mga sanggunian na naginbatayan sa pagsasaliksik.

SANNGUNIAN

1. Aduana, Y. (2019). *Pagpapahayag*. <https://www.scribd.com/presentation/438969847/PAGPAPAHAYAG-pptx>
2. Amcay, M. (2024). *Paggamit ng Fliptop sa Paglinang Sa Makrong Kasanayan sa Pagsasalita ng mga Mag-aaral*. Paaralang Gradwado, Baguio Central University, Baguio City, Benguet, Philippines.
3. Antonio, A. A. (2023). *Antas ng Kasanayan sa Pagpapahayag sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Grade 11*. Paaralang Gradwado, Baguio Central University, Philippines
4. Bagona, E. R and Reyes, R. A. (2022). *Translanguaging in Teaching and Learning Science in Selected Multilingual Elementary Classrooms in the Philippines*. AteneodeZamboanga. https://www.researchgate.net/publication/361581916_Translanguaging_in_Teaching_and_Learning_Science_in_Selected_Multilingual_Elementary_Classrooms_in_the_Philippines
5. Bondoc, D. (2017). *Una, Ikalawa at Ikatlong Wika*. San Fernando, Pampanga.
6. Cacayorin, J. A et al. (2017). *Epekto ng Sosyolek na Conyo sa Larangan ng Pakikipagkomunikasyon ng mga mag-aaral ng MMSU-LHS*. Mariano Marcos State University, Batac.
7. Calmorin, L. P. (2016). *Research and Thesis Writing with Statistics Computer Application*. Manila: Rex Bookstore.
8. Candido, C. L. (2018). *Epekto ng Multilinggwal na Pagtuturo sa Panitikan sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Grade 10*. Capiz State University-Mambusao Campus, Philippines. <https://www.coursehero.com/file/32437443/Kabanata-1docx/>
9. Casalan, M. C (2022) *Translanguaging in the MTB-MLE Classroom: A Case of an Island School with Multilingual Learners*. University of Antique, Sibalom. <https://animorepository.dlsu.edu.ph/cgi/viewcontent.cgi?article=1025&context=jeal>
10. Cedre, R.K (2016). *Ang Sining ng Pagtuturo sa Filipino sa Kurikulum na K to 12*. JIMCY publishing House, Cabanatuan City, Philippines.
11. CleariasTeam(2023).*Multilingualism in Education*.<https://www.clearias.com/multilingualism-in-education/#:~:text=In%20a%20multilingual%20education%20system,a%20national%20or%20international%20language>
12. De Guzman E. M. (2023). *Antas ng Kahandaan, Epekto At Hamon ng Artificial Intelligence sa Pagkatuto sa Filipino*. Paaralang Gradwado, Baguio Central University, Baguio City, Benguet, Philippines.
13. DepEd Order No. 60, s. 2008 (Addendum to DepEd No. 36, s. 2006). *Implementing Rules and Regulations on Executive Order No. 210, Establishing the Policy to Strengthen the Use of English Language as a Medium of Instruction in Education System*.
14. DepEd Order No. 016-12 2012. *MTB-MLE Implementation Guidelines*.<https://jur.ph/laws/summary/guidelines-on-the-implementation-of-the-mother-tongue-based-multilingual-education-mtb-mle>
15. DepEd Order No. 010, s. 2024. *(Policy Guidelines on the Implementation of MATATAG Curriculum)*
16. Dimalig, F. (2019). *Multilingual Education in the Philippines*. DOI.105040197814242094472. 0016
17. Ezech, N. G., et al. (2022). *Code Switching and Code Mixing in Teaching and Learning of English as a Second Language: Building on Knowledge*. Nigeria. <https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1361434.pdf>

18. Floralde, R at Valdez. P. N. (2017). *Linguistic Landscapes as Resources in ELT: The Case of a Rural Community in the Philippines*. De La Salle-College of St. Benilde, Philippines. [file:///C:/Users/Acer/Downloads/AsiaTEFL_V14_N4_Winter_2017_Linguistic_Landscapes_as_Resources_in_EL_T_The_Case_of_a_Rural_Community_in_the_Philippines%20\(1\).pdf](file:///C:/Users/Acer/Downloads/AsiaTEFL_V14_N4_Winter_2017_Linguistic_Landscapes_as_Resources_in_EL_T_The_Case_of_a_Rural_Community_in_the_Philippines%20(1).pdf)
19. Gutierrez. J.C (2000). *Ang Guro ng Bagong Milenyo: Mga Kagamitang Panturo sa Filipino*. JIMCY publishing House, Cabanatuan City, Philippines.
20. Harris, H. (2024). *Philosophy of Multilingual Education*. <https://edusites.uregina.ca/haileyharris/philosophy-of-multilingual-education/> Jocelle (2020) Iba't ibang Paraan ng Pagpapahayag, Baliwag, Bulacan, Philippines.
21. Kosonen, K. (2017). *Language of instruction in Southeast Asia*. National Association for Language Development in the Curriculum (NALDIC) 2016, What is translanguaging? United Kingdom
22. Labastilla, C. (2017). *Monolingguwalismo, Bilingguwalismo, Multilingguwalismo*. <https://www.slideshare.net/slideshow/monolingguwalismo-bilingguwalismo-at-multilingguwalismo/77433450>
23. Lamosen L.S. (2023). *Makabagong Teknolohiya Gamit sa Pagtuturo ng Filipino*. Baguio Central University, Baguio City, Philippines
24. Mayos, N.S. (2000). *Ang Guro ng Bagong Milenyo: Mga Kagamitang Panturo sa Filipino*. JIMCY publishing House, Cabanatuan City, Philippines
25. Maranan M.H. (2016). *ANG GURU: Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino*. Minshapers Co., INC. Intramuros, Manila, Philippines
26. Pawilen, G. T. (2019). *The Teacher and The School Curriculum*. Rex Book Store, Manila, Philippines
27. Puray, C. (2023). *Kasanayang Pasalita sa Filipino ng mga Mag-aaral Sa Good News Academy, Inc. Baguio City*. Paaralang Gradwado, Baguio Central University, Baguio City, Benguet, Phil.
28. Ricardo, KC R. (2022). *Ang Pagtuturo ng Gramatikang Filipino Sa Grade 8*. Paaralang Gradwado, Baguio Central University, Baguio City, Philippines
29. Seidlecki, S. L. (2020). *Understanding Descriptive Research Designs and Methods*. Cleveland
30. Subong, P. (2006). *Statistics for Research*. Manila: Rex BookStore, Inc.
31. Taherdoost, H. (2022). *What are Different Research Approaches? Comprehensive Review of Qualitative, Quantitative, and Mixed Method Research, Their Applications, Types, and Limitations*, University Canada West.
32. Torralba, E. (2019). *My child can understand Filipino but has difficulty speaking it. Why?* <https://www.learninglibraries.com/learning-center/my-child-can-understand-filipino-but-has-difficulty-speaking-it-why>
33. UNESCO (2003). *Education in a multilingual world: UNESCO education position paper*. <https://learningportal.iiep.unesco.org/en/glossary/multilingualeducation#:~:text=Multilingual%20education%20refers%20to%20the,UNESCO%2C%202003%3A17>
34. Varthana (2023). *Multilingual Education: Benefits and Challenges, Karnataka, India*. <https://varthana.com/school/multilingual-education-benefits-and-challenges/>
35. Williams, C. (2007). *Research Methods, Volume 5, Number 3*. Grand Canyon University
36. Wentzel, K.R. & Wigfield, A. (2014). *Handbook of motivation at school (2nd ed)*. Routledge.